LONGBEACH COMMUNITY DEVELOPMENT

ABISO SA PUBLIKO

ABISO TUNGKOL SA PAGLALABAS NG PAMPUBLIKONG DOKUMENTO

Ang 15 araw na panahon ng pagkokomento ng publiko para sa pagsusuri sa Draft ng Nilikom na Taunang Ulat ng Pagganap at Ebalwasyon (Consolidated Annual Performance and Evaluation Report- CAPER) sa Taong 2024-2025 ng City of Long Beach tungkol sa mga aktibidad at programang pinopondohan ng Perang Gawad ng Pambansang Gobyerno sa Maliit na Gobyerno para sa Pagpapaunlad sa Komunidad (Community Development Block Grant- CDBG), Programa ng Pakikipagtulungan para sa Pamumuhunan sa Tahanan (HOME Investment Partnerships Program- HOME) at Perang Gawad para sa mga Solusyong Pang-emergency (Emergency Solutions Grant- ESG) ng Kagawaran ng Pabahay at Pagpapaunlad sa Kalunsuran ng Estados Unidos (U.S. Department of Housing and Urban Development Department- HUD), ay gaganapin mula Disyembre 2, 2025 hanggang Disyembre 17, 2025. Tinatasa ng CAPER ang progreso ng Lungsod at ang bisa ng pagganap nito sa taon ng pananalapi (FY) na 2023-2024 sa pagkamit sa mga pangkalahatang estratehiya, layunin, at priyoridad nito na nakabalangkas sa Nilikom na Plano para sa FY 2023-2027. Isusumite ng Lungsod ang ulat na ito sa HUD bago sumapit ang Disyembre 30, 2025.

Puwedeng i-download ang draft na ulat mula sa seksiyong “Manatiling May Alam: Pinakabagong Balita (Stay Informed: Latest News)” ng homepage ng website ng Kagawaran ng Pagpapaunlad sa Komunidad ng Long Beach (Long Beach Community Development Department) sa longbeach.gov/lbcd, nang personal sa 411 W. Ocean Blvd., Long Beach, CA 90802 o sa pakikipag-ugnayan kay Elizabeth Weithers sa pamamagitan ng pag-email sa Elizabeth.Weithers@longbeach.gov o pagtawag sa (562) 570-6912.

Ang mga residenteng nagnanais na magbigay ng mga nakasulat na komento ay pauunlakan hanggang sa Disyembre 17, 2025. Naka-address dapat ang mga komento kay Elizabeth Weithers Community Development Department, 411 West Ocean Boulevard, Third Floor, Long Beach, California 90802. Email: Elizabeth.Weithers@longbeach.gov.

Hangad ng City of Long Beach na makapagbigay ng makatwirang akomodasyon alinsunod sa Batas para sa mga Amerikanong may Kapansanan (Americans with Disability Act- ADA) ng 1990. Kung kailangan ng espesyal na akomodasyon, o upang humiling ng materyales na isinaling-wika, pakitawagan si Elizabeth Weithers sa (562) 570-6912 nang hindi iikli sa 48 oras bago magwakas ang panahon ng pagkokomento ng publiko. Para sa mga taong may mga kapansanan sa pagdinig o pananalita, tumawag sa 711 upang maikonekta sa isang Telecommunications Relay Service.

Upang hilingin ang impormasyong ito sa alternatibong format o upang humiling ng makatwirang akomodasyon, makipag-ugnayan sa Kagawaran ng Pagpapaunlad sa Komunidad sa longbeach.gov/lbcd at 562.570.3807. Hinihiling na maglaan ng minimum na tatlong araw ng negosyo upang matiyak ang availability; pagsisikapang mapagbigyan ang mga hiling na naiparating sa loob ng mas maikling panahon.